Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES
Visayas Avenue, Diliman, Quezon City
Tel. No. 929-6626 to 29; 929-6633 to35
926-7041 to 43; 929-6252; 929-1669
Website: https://www.denr.gov.ph / Email: web@denr.gov.ph

APR 24 2023

**MEMORANDUM**

FOR : **The Undersecretary**
Field Operations in Luzon, Visayas, and Environment

**The Regional Executive Directors**
DENR Regional Office I
DENR Regional Office IV-A CALABARZON
DENR Regional Office IV-B MIMAROPA
DENR Regional Office VI
DENR Regional Office VIII

DENR MIMAROPA
RECORDS SECTION
RECEIVED
MAY 05 2023
E-2023-103674-LPDD
INCOMING OUTGOING
BY: DATS NO.
TIME:

FROM : **The Undersecretary**
Legal and Administration

SUBJECT : **LETTER DATED 31 JANUARY 2023 FROM KATARUNGAN IN RELATION TO LAND ISSUES IN SEVERAL REGIONS**

This refers to the letter[1] dated 31 January 2023 signed by Mr. Danilo T. Carranza of the civil society Katarungan in Quezon City. Mr. Carranza is requesting a dialogue with the Secretary regarding the lands issues affecting the farmers within several regions in Luzon and Visayas.

Their purpose intends to monitor the actions taken in various cases based on the previous discussions and how they can be processed continuously for the fulfillment of their requests.

In recognition of your Office's expertise over the matter, we are forwarding the Letter and its attachments. Please inform Mr. Carranza of your actions taken on the matter.

For your consideration and appropriate disposition.

**ATTY. ERNESTO D. ADOBO, JR.**, *CESO I*

Copy furnished:

**MR. DANILO T. CARRANZA**
*Pangkalahatang Kalihim*
Kilusan Para sa Repormang Agraryo at Katarungang Panlipunan
KATARUNGAN
19 Saulo Compound, Gloria II
Tandang Sora, Quezon City

[1] Copy attached as **Annex "A"**.

814 H459-c

# KATARUNGAN

**Kilusan Para sa Repormang Agraryo at Katarungang Panlipunan**

19 Saulo Compound, Gloria II, Tandang Sora, Quezon City

DEPARTMENT OF ENVIRONMENT & NATURAL RESOURCES
RECORDS MANAGEMENT DIVISION
RECEIVED
JAN 31 2023
Sign: JHP2 Time: 1:40pm

Ika-31 ng Enero 2023

**KAGALANG-GALANG MA. ANTONIA "TONI" YULO-LOYZAGA**
*Kalihim*
Department of Environment and Natural Resources (DENR)

**Mahal na Kalihim Yulo-Loyzaga**,

Pagbati ng kapayapaan!

Bago ang lahat ay nais naming magbigay ng aming pasasalamat para sa pinakahuling dayalogo na naganap sa inyong kagawaran noong Oktubre 18, 2022 na nagbigay sa amin ng pagkakataon upang mapag-usapan ang mga isyu sa *public lands* na nakakaapekto sa aming mga kasapi mula sa aming tsapter sa **Visayas** (Capiz at Eastern Samar) at **Luzon** (Bondoc Peninsula, Quezon, Cavite, Pangasinan)

Gusto rin po namin kayong pasalamatan, lalo na ang kinatawan ng Usec. For Field Operations for Luzon and Visayas dahil sa mga naging kautusan o Memorandum na naipadala sa mga tanggapang may saklaw ng mga usapin. Dahil sa inyong pagtugon ay may mga gumugulong nang kaso katulad na lamang ng sa San Manuel, Pangasinan.

Ngayon po ay muli kaming dumudulog sa inyong tanggapan upang muling mapag-usapan ang mga isyu ng mga magsasaka mula sa mga nabanggit na lalawigan. Layunin po naming masubaybayan ang mga naging aksyon sa iba't ibang kaso batay sa mga dating napag-usapan at kung paano po ito tuloy-tuloy na mapoproseso para sa pagtupad ng aming mga kahilingan.

Ipagpaumanhin po ulit ninyo na madalas kaming hihiling ng ganitong pakikipag-usap kahit alam namin na kayo ay abala. Sa ganitong paraan lamang po kasi madalas na gumagalaw ang pagresolba ng mga isyu ng mga magsasakang madalas ay napagkakaitan ng atensyon at hustisya lalo na sa usapin sa lupa. Mayroon din pong mga nangangailangan ng kagyat na aksyon upang hindi mawalan ng karapatan ang mga maliliit na magsasakang nakasalalay sa lupa ang kabuhayan.

Sa katunayan, kamakailan lang ay marami na pong magsasaka, partikular sa Bondoc Peninsula, Quezon ang sinampahan ng mga kasong kriminal. Patuloy din po ang panggigipit na nararanasan ng mga magsasaka sa iba pang mga lalawigan. Talagang nakalulungkot po na sa kabila ng mga karahasan at iba pang porma ng paglabag sa mga karapatang pantao na kanilang kinakaharap ay hindi maagap na natutuganan ang kanilang mga isyu para matamo nila ang kapayapaan sa kanilang mga lugar.

**Hinihiling po namin na gawin ang dayalogo sa inyong tanggapan sa darating na ika-23 ng Pebrero, sa ganap na alas 9:00 ng umaga. Inaasahan po namin na magkakaroon ng kinatawan ang inyong Legal and Administration, Field Operations, at Forest Management Bureau upang makapagbigay ng updates, rekomendasyon, at solusyon para sa mga isyung idudulog.**

**Kalakip din po ng sulat na ito ang mga kaso at kahilingan ng mga magsasaka para resolbahin ang mga usapin.**

Lubos na gumagalang at nagpapasalamat,

**DANILO T. CARRANZA**
*Pangkalahatang Kalihim*
*+63920 904 4301*

*Binigyang sipi ang tanggapan ng:*

*Pangalawang Kalihim ng Field Operations*
*Pangalawang Kalihim ng Legal and Administration*
*Forest Management Bureau*

MGA KASONG IDINUDULOG NG KILUSAN PARA SA REPORMANG AGRARYO AT KATARUNGANG PANLIPUNAN (KATARUNGAN)
SA TANGGAPAN NI KAGALANG-GALANG MA. ANTONIA "TONI" YULO-LOYZAGA

**LUZON**

I. ILOCOS REGION (Region I)

| Lupain at Lokasyon<br><br>Sukat (ektarya) | Bilang ng mga Apektadong Magsasaka | Isyu | Buod ng mga Usapin | Epekto sa mga Magsasaka | Mga Rekomendasyon | REMARKS |
|---|---|---|---|---|---|---|

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **1. San Roque, San Manuel, Pangasinan**<br><br>[Public land]<br><br><u>100 ekt.</u> ang tinatarget ng mga hindi kilalang mamumuhunan para sa mga solar farm.<br><br>Ang mga magsasaka sa 14 ekt. ng target ay sumasailalim sa iba't ibang anyo ng harassment. | 40 sambahayan | • Patuloy na pagbabanta para mapaalis ang mga magsasaka; marami na ang napaalis dahil sa tuloy-tuloy na panggigipit.<br><br>• Tuloy-tuloy na nagpapatawag ang barangay para tanggapin ng mga magsasaka ang claimant bilang lehitimong may-ari ng lupa.<br><br>• Walang natatanggap na tulong ang mga magsasaka, sa DAR o sa DENR man para maprotektahan nila ang kanilang karapatan sa lupa. | • Ang claimant ay si Christopher Alcantara. Tinutulungan siya ng kapitan ng barangay at ng alkalde ng bayan sa kanyang claim.<br><br>• Ang agresibong pag-claim ay dahil sa pagpasok ng isang nakaplanong proyekto ng solar farm. Kapag matagumpay na napaalis ang mga farmer-occupants, naniniwala ang mga magsasaka na ibebenta ang lupa sa corporate owner ng solar farm project.<br><br>• Ang mga rekord na nakuha ng mga magsasaka mula sa Land Registration Authority (LRA) ay nagpapakita na ang lupa ay walang titulo.<br><br>• Walang ring record o tala sa DENR na nagpapakita na ang claimant ay kinilala bilang aplikante o may-ari ng lupa.<br><br>• Ang mga ahensya ng munisipyo ay madalas na kalaban sa kahilingan ng mga apektadong magsasaka para sa tulong o suporta. Hindi rin sila pinansin ng mga tanggapan ng DENR at DAR. Higit pa rito, pinayuhan sila ng lokal na DAR na umalis na lamang sa lugar.<br><br>• Sa pakikipag-usap sa mga opisyal ng DENR, ang ahensya ay nangakong magsagawa ng imbestigasyon.<br><br>• Hinala ng mga magsasaka na ang pagpapalipad ng mga drone sa itaas ng kanilang lupang binubungkal ay isang pagtatangka na maimapa ang kanilang lupa. | • Hindi makapagtrabaho nang maayos dahil sa takot at mga ahensyang tila walang pakialam.<br><br>• Takot na posibleng dahasin sila.<br><br>• Walang kapanatagan sa pang-araw-araw na pamumuhay. | • Para sa lahat ng mga okupante na magkaroon ng mga titulo dahil lahat sila ay naninirahan doon mula pa noong panahon ng kanilang mga ninuno.<br><br>• Imbestigahan ang DENR lokal sa kawalan ng aksyon sa sumbong ng mga magsasaka. | • November 3, 2022 (date of the MEMO) FROM DENR Central Office - Atty. Ricky A. Arzadon, Chief of Staff, Office of the Undersecretary for Field Operations TO DENR Region I - Regional Executive Director re: dialogue last August 18, 2022:<br><br>*Conduct an initial investigation and determine the status within 30 days.*<br><br>• Nagkaroon na ng imbestigasyon. Nitong Disyembre 27, pumunta ang DENR sa area kung saan hiningian ng |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | Ang drone ay pinalilipad sa lugar sa utos ng alkalde – "para masuri lang" ang lugar ang ginagamit na dahilan.<br><br>• Korporasyon: Energy Newton at/o San Miguel Corporation<br><br>• Patuloy pa rin ang harassment. Nitong Enero 10, 2023 lang, may pumuntang surveyor sa area ngunit hindi ito pinahintulutan ng mga magsasaka na magsukat kahit na binabantaan ito na ipapatawag sila ng Vice Mayor. | | | requirements ang mga magsasaka.<br><br>• Nagpaskil ng memo ang DENR sa barangay hall para sa public land subdivision.<br><br>• Nakapila na ang free patent ng mga magsasaka. |

**II. CALABARZON (Region IV-A)**

| Lupain at Lokasyon<br><br>Sukat (ektarya) | Bilang ng mga Apektadong Sambahayan | Isyu | Buod ng mga usapin | Epekto sa mga Magsasaka | Mga Rekomendasyon | REMARKS |
|---|---|---|---|---|---|---|

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **1. Maragondon-Ternate, Cavite**<br><br>[Public Alienable and Disposable lands at Protected Area]<br><br>7,000 ekt. ng public land (A&D at protected area) | 300 sambahayan | • Pagpasok ng mga claimants na binigyan ng DENR ng Free Patent kahit hindi actual na okupante.<br><br>• Pag-angkin ng lupa na sobra-sobra sa sukat ng kanilang Free Patent.<br><br>• Kawalan ng aksyon ng DENR sa kahilingang tulong ng magsasakang matagal ng okupante sa lupa. | • 1980s pang naninirahan ang mga magsasaka sa lugar. Taong 2011 ay nagkaroon daw ng titulo ang lupa na nakapangalan sa ibang tao, subalit taong 2017 naman ay sinabi ng DENR na ang lupa ay protected area.<br><br>• Pagkakaso at pagpapalayas sa magsasaka kung saan 11 na ang winasak/dinimolis ang kabahayan at may isusunod pa.<br><br>• Walang pahintulot na sapilitang survey ng claimants kahit walang permiso sa DENR.<br><br>• Paggamit ng Free Patent na ini-issue ng DENR sa hindi naman okupante upang lalo pang saklawin ang lupang binubungkal ng mga magsasaka na sa mapa ng gobyerno ay public lands.<br><br>• Tapos na raw ang kaso at hindi na makakapag-file ng petisyon ang mga magsasaka dahil hindi nila nasagot ang summon sa loob ng dalawang araw.<br><br>• Hindi rin sila binibigyan ng mga dokumento ng DENR. | • Ang mga magsasakang pwersahang napaalis sa kanilang saka ay walang hanapbuhay at lubhang naghihirap.<br><br>• Ang mga magsasaka na giniba ang bahay ay nagkasya na lamang sa barung-baring na itinirik sa pwesto ng iba.<br><br>• Pakiramdam ng kawalang kaseguruhan. | • Imbestigahan ang pag-gawad ng Free Patent sa mga hindi okupante.<br><br>• Imbestigahan ang patuloy na pagkamkam ng mga public lands.<br><br>• Imbestigahan ang pilit pagpasok ng mga surveyors at pagsusukat ng lupa sa pangalan ng claimants kahit walang permiso sa DENR.<br><br>• Imbestigahan ang pagpapabaya ng DENR sa usapin ng pagkamkam ng public lands. | • Matagal na ang isyu pero wala pa ring malinaw na aksyon ang DENR Region, PENRO at CENRO sa mga usaping kinakaharap.<br><br>• Nitong Enero 2023 lamang, pumunta ang Presidential Commission for the Urban Poor (PCUP) sa area. Tinanong ang mga magsasaka kung ayaw ba talaga nilang lisanin ang lugar para sila ay mabigyan ng malilipatang relokasyon. Hindi naman sila pumayag dahil ang pagsasaka lamang ang kanilang nagsisilbing hanapbuhay. Sisikapin daw ng PCUP ngayong Pebrero |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | 2023 na makipag-usap sa barangay. |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **2. Brgy. Rosario, Mauban, Quezon**<br><br>[Philip Cea / Achievement Realty Corporation (ARC)]<br><br><u>1,900 ekt.</u> binabawi ng ARC<br><br><u>341 ekt.</u> ang may CLOA | 750 sambahayan<br><br>42 CLOA holders<br><br>Under CBFMA: 200 pamilya | • Pagsaklaw ng koporasyon sa lupaing nasa ilalim ng CLOA at Community-Based Forest Management Program (CBFMP) para maging bahagi ng Special Economic Zone (SEZ).<br><br>• Pamemeke ng korporasyon ng desisyon diumano ng DAR na ang lupa ay exempted.<br><br>• Patuloy na pag-giit ng korporasyon na ang lupa ay titulado kahit na may desisyon na ang korte na ang lupa ay di dapat matituluhan dahil sa timberland.<br><br>• Pagpilit sa magsasasaka na isuko ang CLOA. | • Ang pagtatayo ng Special Economic Zone ay proyekto ng Philippine Economic Zone Authority (PEZA) at ng Achievement Realty Corporation (ARC).<br><br>• Pinipilit ang mga magsasaka na isuko ang kanilang mga CLOA sa pagsasabing hindi wasto ang saklaw ng lupa (Notice of Coverage to Alpuerto sa halip na Cea/ARC).<br><br>• Sinasabi ng korporasyon na sakop ang lupain ng planong Special Economic Zone na itatayo sa Mauban, Quezon.<br><br>• Ipinakita ang isang exemption order na nagsasabing ang lupa ay exempted, ngunit ang Regional Office ay naglabas na ng sertipikasyon na hindi sila naglabas ng anumang Exemption Order na may kinalaman sa property.<br><br>• Ang isang Presidential Proclamation na nilagdaan ng Pangulo ng Pilipinas ay partikular na sumasaklaw sa mga lugar at lugar ng CLOA sa ilalim ng CBFMP.<br><br>• Hindi nirerenew ang CBFMP ng mga magsasaka kahit sila ay isa sa pinakamatagumpay na ARC sa Region IV-A. | • Panlilinlang at pananakot mula noong 2013 at hanggang sa kasalukuyan.<br><br>• Hindi pagtanggap ng pagbubuwis sa iginawad na titulo: nangangailangan ng Certified True Copy (CTC) ng titulo at plano sa pag-apruba mula sa palsipikasyon ng DAR ng mga pampublikong dokumento.<br><br>• Walang kapanatagan ang mga tao at nagkakahati-hati ang barangay dahil sa ang mga opisyal ay pabor sa korporasyon. | • Para matukoy ng DENR ang klasipikasyon ng lupa at masagot kung bakit ito may CLOA.<br><br>• Suportahan ang mapayapang pag-aari ng mga magsasaka sa lugar na sakop ng CLOA.<br><br>• Imbestigahan ang kabuuang lupaing sinasaklaw ng SEZ lalo na ang pribadong lupain dahil ang lupaing natituluhan ay timberland. | • November 3, 2022 (date of the MEMO) FROM DENR Central Office - Atty. Ricky A. Arzadon, Chief of Staff, Office of the Undersecretary for Field Operations TO DENR Region IV-A - Regional Executive Director re: dialogue last August 18, 2022:<br><br>*(a) Submit a report on the status of application of the MCBFMMC for the renewal of their CBFMA, including an explanation on the reason/s for the delay; (b) Ascertain the current classification of the land, including* |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | *information on any reclassification for any portion thereof.* |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **3. Mulanay, Quezon**<br><br><u>Aquino 202 ekt.</u><br><br><u>Morales 95 ekt.</u><br><br><u>Del Rosario 202 ekt.</u> | 45+ pamilya<br><br>25+ pamilya<br><br>40+ pamilya | • Tituladong timberland na ang iba ay naipamahagi pa sa ilalim ng CARP.<br><br>• Pagpapaalis sa mga magsasaka na nasa retention.<br><br>• Pagdismiss sa kaso ng reversion dahil ang umaangkin ay hindi matukoy ang address.<br><br>• Kamakailan lamang na ang DAR ay umano'y tumulong, ang claimant ay nagpakita sa komunidad upang sabihin sa mga magsasaka na ang isang survey ay isasagawa upang ilarawan ang sinasabing alienable at disposable na bahagi ng lupa para sa saklaw sa ilalim ng programa ng repormang agraryo ng gobyerno. Babayaran din daw ang mga tao para umalis. | • Ang mga lupang ito na may titulo ay nasa loob ng timberland zone: kaya ang legalidad ng mga titulo ay kaduda-duda.<br><br>• Ang mga paglilitis sa reversion / pagkansela ng titulo ay inihain ng DENR sa pamamagitan ng Opisina ng Solicitor General.<br><br>• Dahil sa kabiguan ng korte na maghatid ng mga abiso, ang kaso ay na-dismiss nang walang pagkiling. Karaniwang ginagamit ang publikasyon bilang isang opsyon sa sitwasyong tulad nito, ngunit hindi nai-publish ng DENR ang paunawa sa claimant.<br><br>• Nagawa ng komunidad na itulak ang DENR na ipatupad ang Community-Based Forest Management Program sa kabila ng pendency ng reversion proceedings.<br><br>• Kamakailan lamang na ang DAR ay umano'y tumulong, ang claimant ay nagpakita sa komunidad upang sabihin sa mga magsasaka na ang isang survey ay isasagawa upang ilarawan ang sinasabing alienable at disposable na bahagi ng lupa para sa saklaw sa ilalim ng programa ng repormang agraryo ng gobyerno. Babayaran din daw ang mga tao para umalis.<br><br>• Pagkansela ng titulo – na-dismiss "without prejudice" (maaaring i-refile).<br><br>• Ang dismissal ay noong taong 2006 ngunit hindi nagpakita ng pagsisikap ang DENR na muling ihain ang kaso; Ang kawalan ng | • Inaasahan ng mga tao na ang naghahabol ay magiging mas agresibo ngayong malapit nang mag-expire ang CBFMP. | • I-file muli ang pagkansela ng titulo.<br><br>• Hindi dapat panghimasukan ng DAR ang timberland dahil ang naturang lupain ay nasa ilalim ng hurisdiksyon ng DENR. | Ano ang aksyon sa pagcover ng DAR ng timberland sa ilalim ng CARP? |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | aksyon ng DENR ay binibigyang kahulugan ng may-ari ng lupa dahil hindi tumugon ang DENR sa dismissal.<br><br>• Ang CBFM ng komunidad ay mawawalan ng bisa sa 2025. | | | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **4. San Narciso, Quezon**<br><br>[Lupaing inaangkin ng pamilyang Medenilla]<br><br><u>60 ekt.</u> | 17 magsasaka | • Pagkakaso ng qualified theft at pagkakakulong ng mga magsasaka.<br><br>• Pagkamkam sa lupaing publiko kahit may desisyon na ang korte na ang lupa ay lupang publiko.<br><br>• Pagpapaalis sa mga magsasaka na ang karamihan dahil sa pananakot ay hindi na makapagsaka. | • Ang kasalukuyang mga magsasaka ay namana pa sa kanilang mga magulang ang pagsasaka;<br><br>• Bagamat may pagkakataon na ang umaangkin ay kinilala nila bilang may-ari, naputol ito ng ang mga magsasaka ay nakakuha ng paborableng desisyon ng Korte na nirereject ang aplikasyon ng umaangking may-ari.<br><br>• Ang Court of Appeals ay may desisyon na nireject ang aplikasyon ng Medenilla: "Even if we are to consider the said certifications, a perusal thereof reveals that CENRO Oliver Olivo merely certified that Lot No. 597,Pls-413-D was surveyed for Teodula Medenilla. There is nothing in the said certifications that would support the petitioners claim of ownership. Notably, the CENRO certification dated 07 July 2016 was likewise issued to the effect that Lot 597 was not covered by any Public Land Application. Such a circumstance only confirmed that indeed, Teodula Medenilla did not own the subject land. The said certification coincided with Land Registration Authority (LRA) certification that *"Lot 597 does not appear in its survey Book to have been the subject of original registration of title under Act 496 as amended by PD 1529"* and paralleled the verification made by the CENRO that Free Patent Application No. 8-1799 covering Lot 597-B were rejected in an Order dated 25 November 1958". | • May mga magsasakang halos walang makain dahil sa hindi makapagkopra.<br><br>• Takot sa pagkakulong at ang gastos sa piyansa at abogado. | • Imbestigahan ang patuloy na panghaharass sa mga magsasaka sa kabila ng malinaw na ang desisyon ng Court of Appeals sa usapin ng pagmamay-ari ng lupa.<br><br>• Imbestigahan ang pagkakaso ng piskalya sa mga magsasaka ng kasong qualified theft kahit na nga malinaw na ang lupa ay hindi pribado.<br><br>• Imbestigasyon sa diumano ay pagbebenta ng lupa sa isang malaking negosyante na taga Mulanay na ang ahente pa sa pamimili ay dating Vice Mayor ng Mulanay, Quezon. | • Wala pang malinaw na resulta ng imbestigasyon ang kaukulang ahensya batay sa memo ni Atty. Arzadon. |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | • Sa kabila nito ay kinasuhan ang mag-asawang Banquiles at nakulong bago nakalaya sa pamamagitan ng piyansa.<br><br>• May panibagong kaso ng qualified theft ang muling isinampa ng umaangkin laban sa 11 pang magsasaka.<br><br>• Nagkakaroon ng mediation kung saan pinapapayag ang mga magsasaka na tanggapin ang 2 ektarya at tatanggalin ang kanilang bahay.<br><br>Bilang sagot sa dayalogo sa DENR Central Office noong Agosto 18, 2022 nagpadala ng memo ang DENR Central Office sa kaukulang tanggapan ng DENR noong Nobyembre 3, 2022 na nilagdaan ni Atty. Ricky Arzadon, chief of Staff, Office of the Undersecretary for Field Operations sa DENR Region IV-A. Ang memo ay naglaman ng:<br><br>*One of the issues raised was the case of qualified theft and ejectment of the Banquiles couple.*<br><br>*Mr. Banquiles mentioned that he wrote a letter dated April 18, 2022 addressed to CENR Office G. Lupo T. Telan, requesting for assistance for the processing of titling of Lot No. 597-A Pls 413-D and Lot 597-B Pls 413-D.*<br><br>*Make a report regarding the status of the letter of Mr. Banquiles.* | | | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **5. Brgy. Tala at Brgy. Camflora, San Andres, Quezon**<br><br>[Timberland]<br><br><u>240 ekt.</u> | 98+ | • Lubhang napakabagal na pagproseso ng aplikasyon ng mga magsasaka para sa Community-Based Forest Management Agreement (2005 nagsimula).<br><br>• Patuloy na panggigipit ng umaangkin, kahit na ang lupa ay timberland.<br><br>• May pinatay nang magsasaka dahil sa sigalot sa lupa.<br><br>• Inaresto noong Sisyembre 25, 2022 at nakulong hanggang Enero 9, 2023 dahil sa kasong qualified theft ang mag-asawang magsasaka sina Glenda Lape at Vincent na nasa loob ng timberland.<br><br>• Pahirap sa magsasaka ang kriminalisasyon dahil sa pagkakakulong, gastos sa piyansa at pagdalo sa hearing kahit na ang lupain at timberland.<br><br>• Sa lumabas na mapa ng sasaklawing timberland, napakalaki ng hindi sasaklawin sa CBFMP kabilang na ang mismong mga aplikante pati na ang nakulong na magsasaka | • Ang dating napakaimpluwensyang pamilyang Reyes ang umaaangkin ang lupaing ito bilang bahagi ng mahigit 10,000 ekt. ng pag-aangkin ng lupa ng isang malawak na lugar na sumasaklaw sa hangganan ng San Andres at San Narciso.<br><br>• Sa bandang huli, natuklasan ng mga aktwal na magsasakang nakatira na nag-organisa ng petisyon para sa reporma sa lupa na ang lupa ay naging bahagi ng timber/forest area na hindi maaaring pagmamay-ari ng pribado.<br><br>• Biniboykot ng mga magsasaka ang pagbabayad ng bahagi bilang parte ng mas malaking hakbangin para labanan ang pagpataw ng pagbabahagi sa mga timberlands.<br><br>• Dalawang grupo ng mga petitioner ang kasunod na nag-apply para sa pagpapatupad ng Community-Based Forest Management Program (CBFMP) sa Dept. of Environment and Natural Resources (DENR). Gayunpaman, nabigo ang ahensya na ganap na iproseso ang aplikasyon (mula noong 2005).<br><br>• Ang pinakahuling dahilan ng DENR ay: ang survey para sa bahaging sasakupin sa ilalim ng CBFMP ay mali --- suablit ang mali ay dahil sa gawa ng denr surveyors --- marami sa mga aplikante ay hindi kasama sa cbfmp map.<br><br>• Lumitaw ang isang claimant matapos bumaba ang impluwensya at kapangyarihan ni | • Hindi na nakakapagtrabaho nang maayos ang mga magsasaka dahil laging nakabantay sa mga posibleng pagpasok ng umaangkin.<br><br>May mga pangggipit ding ginagawa kagaya ng mga kasong kriminal. | • Imbestigahan ang napakabagal na pagpoproseso (8 taon na) ng aplikasyon ng mga magsasaka para ang lupa ay mapasailalim ng Community-Based Forest Management Agreement at ang paggawad ng Free Patent sa hindi naman okupante. | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | • Kahit naging maayos ang pagpapalit ng pamunuan na idinaan sa eleksyon, ang Brgy. Council ng Camflora ay ayaw i-endorso ang CBFMP dahil ang kinikilala nito ay ang dating pangulo na wala nang myembro at wala ring ginagawa. | Reyes sa politika at ekonomiya. Nagbanta ang claimant na ito na kukunin muli ang lupa mula sa mga aktwal na nakatira.<br>• Ang claimant ay nagpasimula ng mga pagpupulong sa mga aktwal na nakatira gamit ang barangay. Ipinaalam niya sa mga aktwal na nakatira na ang lupa ay ibebenta sa iba. | | | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **6. Brgy. Bagong Silang, Real, Quezon**<br><br>[PP 196]<br><br><u>200 ekt.</u> | Higit-kumulang 300 ARBs | • Delineation report para matapos na ang boundary ng DENR at DAR. Gayundin ang boundary dispute ng Infanta, Real, Quezon at Sta. Maria, Laguna.<br><br>• Mabagal na pagtugon sa mga Petition for Disqualification laban sa mga nabigyan ng CLOA na kahit kailanman ay hindi nakita o nagbugta ng lupa sa lugar.<br><br>• Kawalan ng kapasidad ng mga magsasaka na magpa-survey sa private surveyor. | • Delineation report ang sinasabing dahilan kung bakit hindi matugunan ang reklamo ng mga ARB at nagbubugta ng lupa sa lugar.<br><br>• Nakiusap ang Legal Dept. ng DAR Pagbilao na huwag na muna magdagdag ng mga ipapa-disqualifify dahil hindi na nila maasikaso ang mga ito.<br><br>• Hindi matukoy ang mga Lot numbers/CLOA ng mga lupa sa mga sinasaka kaya hindi pa makapag-petisyon ang iba. | • Depresyon na napunta sa kamatayan ng isang miyembro.<br><br>• Ang mga matatanda ay takot nang magpa-interview dahil sa ginawang show cause order.<br><br>• Lubos na pag-aalala dahil baka ang mga pinagpaguran ay mapunta sa iba dahil simula ng nag-file ng petition ay mas lalong dumami ang mga taong pumupunta na nagsasabing sila ang may CLOA.<br><br>• Ligaw kung kanino hihingi ng tulong sa mga problemang pang-barangay. | • Magkaroon ng resolution ang ginawanng delinwation noong Marso 2020.<br><br>• Magbigay ng timetable o deadline kung kailan maa-accomplish ang mga pag-disqualify hanggang sa mga susunod na proseso.<br><br>• Gumawa ng memo sa ROD at LGUs na freeze ang pagkuha ng mga permit for construction at pagbabakod habang nakahain ang pagpoproseso ng paglilipat ng CLOA sa totoong ARBs.<br><br>• Magpadala ng surveyor na libre upang ang lahat ng mga naiwan ay masukata at matukoy ang Lot numbers ng kanilang lupa. | |

## III. MIMAROPA

| Lupain at Lokasyon<br><br>Sukat (ektarya) | Bilang ng mga Apektadong Magsasaka | Isyu | Buod ng mga Usapin | Epekto sa mga Magsasaka | Mga Rekomendasyon | REMARKS |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **1. Coron-Busuanga, Palawan**<br><br>[Yulo King Ranch (YKR) - Busuanga Pasture Reserve; EO 75 covered lands]<br><br>14 barangays:<br>Busuanga (9)<br>Coron (5)<br><br>37,048 ekt. sa kabuuan<br><br>9,000 ekt. natukoy para sa pamamahagi sa ilalim ng EO 75 | Higit sa 1,000 pamilya ng mga IP | • Iginigiit ng mg Indigenous Peoples (IPs) na naninirahan sa periphery ng lupaing ito na puwersahang kinuha sa kanila ang lupa upang bigyang-daan ang Busuanga Pasture Reserve (BPR). | • Ang mga IP ang dating nagmamay-ari at nagkokontrol sa malawak na lupaing Yulo King Ranch (YKR), na ngayon ay kilala bilang Busuanga Pasture Reserve (BPR), isang breeding at stock farm na nagsimula noong panahon ni Pangulong Marcos noong 1970s.<br><br>• Ang BPR ay itinatag sa pamamagitan ng Presidential Proclamation No. 1387 na nagsasabing "...reserved and established as a pasture reserve a certain parcel of land of the public domain situated in the Island of Busuanga, Province of Palawan."<br><br>• Sa kasalukuyan, nasa 2,000 ektarya ang ginagamit para sa pagpaparami ng mga hayop sa ilalim ng Bureau of Animal Industry (BAI).<br><br>• Nagkaroon ng iba pang corporate concessionaires sa lugar sa pamamagitan ng mga kasunduan sa DENR;<br><br>• Nang maglabas si Pangulong Duterte ng Executive Order 75, nangamba ang mga katutubo na ang lahat ng mga lupaing pagmamay-ari nila ay mawawala na dahil ang mga migrante mula sa mga probinsya | • Ang actual possession bilang batayan ng pamamahagi ay nagdudulot ng panganib sa historical claim ng mga IP. Maraming migrante, kabilang ang mga benepisyaryo ng repormang agraryo mula sa Mindanao at Laguna ang sumakop sa lupain. Lumakas ang land speculation dahil marami sa mga occupant-migrants ang nagbebenta ng lupa sa pinakamataas na bidder. | • Dapat unahin ng DAR ang paggawad ng lupa sa ilalim ng EO 75 sa mga Tagbamaus na lumikas sa proseso ng pagtatatag ng YKR.<br><br>• Magpulong ang DAR-DENR-NICP upang protektahan ang mga karapatan ng IPs na may historical claim sa lugar.<br><br>• Ang Unity at Babangon ay dapat ipakita sa pagkilala at paggalang sa mga taong kailangang ibalik sa kanila ang mga karapatan. | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | gaya ng Laguna, Mindoro, at iba pang lugar na sumakop sa lugar ay inuna bilang mga "actual occupants" at mga rehistradong residente matapos magparehistro sa barangay kung saan matatagpuan ang mga lupang inookupahan. Ang ilan sa mga migranteng ito ay nakinabang na sa mga lugar ng repormang agraryo sa kanilang pinanggalingan.<br><br>• Sa kasalukuyan, ang mga Tagbanua ay patuloy na nasa laylayan ng lipunan at maaaring tuluyang mawalan ng lupang nararapat sa kanila. | | | |

MGA KASONG IDINUDULOG NG KILUSAN PARA SA REPORMANG AGRARYO AT KATARUNGANG PANLIPUNAN (KATARUNGAN) SA TANGGAPAN NI KAGALANG-GALANG MA. ANTONIA "TONI" YULO-LOYZAGA

VISAYAS

I. EASTERN SAMAR

| Lupain at Lokasyon | Sukat (ektarya) | Bilang ng mga Apektadong Magsasaka | Isyu | Mga Kahilingan | Remarks |
|---|---|---|---|---|---|
| **1. Occupied Alienable and Disposable Lands**<br><br>Lawaan, Maydolong, Balangiga, Giporlos, at GenMac<br><br>Giporlos | 14,000 ekt. | 7,000+ | • Ang public land reform sa pamamagitan ng pag-iisyu ng Free Patent ay hindi lubusang nagpapatuloy sa kabila ng bilang ng mga potensyal na benepisyaryo partikular sa Eastern Samar.<br><br>• Ang pagkaantala sa pagpapatitulo ay nagreresulta sa exclusion sa pag-access sa mga serbisyong panlipunan para sa produktibidad ng sakahan at humanitarian assistance sa panahon ng mga emergency.<br><br>• Mayroong ilang mga lote na may mga pribadong claimant na hindi naman mga aktwal na nakatira.<br><br>• Sa panahon ng emergency response noong Bagyong Yolanda, kinilala ng DENR ang pagpapatitulo sa mga occupied lands bilang isang kinakailangang tugon upang bigyang-daan ang mga naninirahan na magkaroon ng access sa humanitarian response (hal. pabahay). | • Maglaan ng pondo ang DENR sa pagpupulong ng probinsya at CENRO para isama sa talakayan ang isyu ng fast tracking ng mga pampublikong lupain upang matulungan ang mga magsasaka na tuluyang makuha ang titulo sa lupa.<br><br>• Masterlist ng pending application for titling. | • Nangako ang DENR noong nakaraang dayalogo (Oktubre 2022) na magfi-feedback ito sa OSEC tungkol sa additional fund request. |

## II. CAPIZ

| Lupain at Lokasyon | Sukat (ektarya) | Bilang ng mga Apektadong Magsasaka | Isyu | Mga Kahilingan | Remarks |
|---|---|---|---|---|---|
| **1. Socito, Besenio, Atizardo, Moreno, Torres**<br><br>Parian, Sigma, Capiz<br><br>Lot 2325A-E | 24.3807 | 11 | • Ang mga may hawak ng Homestead Patent (HP) ay hindi nangungupahan o hindi pa kiukultiba ang area;<br><br>• Pagkansela ng file ng HP/Reconveyance; wala pang hearing;<br><br>• 5 tao bilang dummies ni Elmer Villasis.<br><br>• Maraming tagapagmana (heirs) ang hindi pumirma ng waiver o huminto sa pagki-claim. | • Reconveyance order/ immediate order. | |
| **2. RP (Verna Borda et al.)**<br><br>Sublangon, Pontevedra, Capiz<br><br>Lot 510, Cad 189 | 7,088 square meters | 9 | • DENR Claim no. 06-020 Verna Bordas, et. al. as Claimant-Protestant versus Amelinda Badoles, et. al. as Applicant-Respondent | • Atasan ng DENR Region ang PENRO-Capiz na ipagpaliban ang lahat ng aksyon at pagproseso ng aplikasyon ng Applicant- Appellees hanggang sa oras na tuluyang maresolba ng Kalihim ng DENR ang kaso at maituturing na final and executory judgment. | |
| **3. Heirs of Rufina Bunayon**<br><br>Marita, Pres. Roxas, Capiz | | | • To be determined; ilegal na pagpasok ng mayor kasama ang mga armadong lalaki. | | |

Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
**Document Action Tracking System**
**Document Routing Slip**

**Document No:** DENRCO - AS RMD-2023-002659-C **Print Date:** Tuesday, January 31, 2023

**Sender:** DANILO T. CARRANZA

**Address:** 19 SAULO COMPOUND , GLORIA II, TANDANG SORA, QUEZON CITY

**Subject** LETTER DTD 01/31/2023 REQUEST FOR DIALOGUE OF THE "KATARUNGAN" ON FEBRUARY 23, 2023 REGARDING THE ISSUES OF THE FARMERS IN DIFFERENT PROVINCES.

**Addressee(s):** Office of the Secretary (DENRCO - OSEC)

**CC Addressee(s):** Office of the Undersecretary for Legal, Administration, Human Resources and Legislative Affairs (OULAHRLA); Office of the Undersecretary for Field Operations and Environment (OUFOE)

**Date/Time Received:** 01/31/2023 01:40:00 PM

DENR LEGAL AFFAIRS SERVICE
RECEIVED: Sonia
DATE: 2-2-2023 TIME: 10:35 AM

| ROUTING AND ACTION INFORMATION | | | | |
|---|---|---|---|---|
| FROM | DATE/TIME RECEIVED | FOR/TO | DATE/TIME RELEASED | ACCEPTANCE REMARKS/ACTION REQUIRED/TAKEN REMARKS/STATUS |
| | 01/31/2023 04:30:44 PM | DENRCO - AS RMD | | |
| DENRCO - AS RMD | | OULAHRLA | 01/31/2023 04:37:19 PM | |

OULA 2/1 11:21 LAS 2/1/23 Respectfully referred for your appropriate Action pls. Thank you

AILTC Feb. 3, 2023

[✓] For appropriate action.
[ ] For review/evaluation.
[ ] For information/reference/file.
[ ] Please respond to the letter within the prescribed period.
[ ] Others: ______

NORLITO A. ENERON, LL.M.
Director, Legal Affairs Service

AILTC Received
09 FEB 2023
Ref: Joyce Time: 3:03 pm

Buy OULA 7/28/2023 1:17 pm

16B.
Madam, please find my draft actions in email dated 13/03/23
M. glop
(20) pp

OULA LASOD 4/25/2023 signed by USOH

L34-472-3

AILTC - B2 - 204 - 2

Encoder: Vallejos, Jhosua E.



Insd 264-528

814 Hu59-c

# KATARUNGAN

**Kilusan Para sa Repormang Agraryo at Katarungang Panlipunan**

19 Saulo Compound, Gloria II, Tandang Sora, Quezon City

DEPARTMENT OF ENVIRONMENT & NATURAL RESOURCES
RECORDS MANAGEMENT DIVISION
RECEIVED
JAN 31 2023
Sign: JHB Time: 1:40pm

Ika-31 ng Enero 2023

**KAGALANG-GALANG MA. ANTONIA "TONI" YULO-LOYZAGA**
*Kalihim*
Department of Environment and Natural Resources (DENR)

**Mahal na Kalihim Yulo-Loyzaga**,

Pagbati ng kapayapaan!

Bago ang lahat ay nais naming magbigay ng aming pasasalamat para sa pinakahuling dayalogo na naganap sa inyong kagawaran noong Oktubre 18, 2022 na nagbigay sa amin ng pagkakataon upang mapag-usapan ang mga isyu sa *public lands* na nakakaapekto sa aming mga kasapi mula sa aming tsapter sa **Visayas** (Capiz at Eastern Samar) at **Luzon** (Bondoc Peninsula, Quezon, Cavite, Pangasinan)

Gusto rin po namin kayong pasalamatan, lalo na ang kinatawan ng Usec. For Field Operations for Luzon and Visayas dahil sa mga naging kautusan o Memorandum na naipadala sa mga tanggapang may saklaw ng mga usapin. Dahil sa inyong pagtugon ay may mga gumugulong nang kaso katulad na lamang ng sa San Manuel, Pangasinan.

Ngayon po ay muli kaming dumudulog sa inyong tanggapan upang muling mapag-usapan ang mga isyu ng mga magsasaka mula sa mga nabanggit na lalawigan. Layunin po naming masubaybayan ang mga naging aksyon sa iba't ibang kaso batay sa mga dating napag-usapan at kung paano po ito tuloy-tuloy na mapoproseso para sa pagtupad ng aming mga kahilingan.

Ipagpaumanhin po ulit ninyo na madalas kaming hihiling ng ganitong pakikipag-usap kahit alam namin na kayo ay abala. Sa ganitong paraan lamang po kasi madalas na gumagalaw ang pagresolba ng mga isyu ng mga magsasakang madalas ay napagkakaitan ng atensyon at hustisya lalo na sa usapin sa lupa. Mayroon din pong mga nangangailangan ng kagyat na aksyon upang hindi mawalan ng karapatan ang mga maliliit na magsasakang nakasalalay sa lupa ang kabuhayan.

Sa katunayan, kamakailan lang ay marami na pong magsasaka, partikular sa Bondoc Peninsula, Quezon ang sinampahan ng mga kasong kriminal. Patuloy din po ang panggigipit na nararanasan ng mga magsasaka sa iba pang mga lalawigan. Talagang nakalulungkot po na sa kabila ng mga karahasan at iba pang porma ng paglabag sa mga karapatang pantao na kanilang kinakaharap ay hindi maagap na natutuganan ang kanilang mga isyu para matamo nila ang kapayapaan sa kanilang mga lugar.

**Hinihiling po namin na gawin ang dayalogo sa inyong tanggapan sa darating na ika-23 ng Pebrero, sa ganap na alas 9:00 ng umaga. Inaasahan po namin na magkakaroon ng kinatawan ang inyong Legal and Administration, Field Operations, at Forest Management Bureau upang makapagbigay ng updates, rekomendasyon, at solusyon para sa mga isyung idudulog.**

**Kalakip din po ng sulat na ito ang mga kaso at kahilingan ng mga magsasaka para resolbahin ang mga usapin.**

Lubos na gumagalang at nagpapasalamat,

**DANILO T. CARRANZA**
*Pangkalahatang Kalihim*
*+63920 904 4301*

*Binigyang sipi ang tanggapan ng:*

*Pangalawang Kalihim ng Field Operations*
*Pangalawang Kalihim ng Legal and Administration*
*Forest Management Bureau*